Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

SB File

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG MARSO 17, 1997, IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos	
Kagawad Ferdinand V. Talens	
Kagawad Angeles D. Bautista	
Kagawad Ramil O. Dimapilis	
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	
Kagawad Ranulfo C. Bernal	
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	
Kagawad Honesto O. Taytay	
Kagawad Eduardo G. Villamin	- ABC President
Kagawad Randy P. Valencia	- SK Chairman

Hindi Nakadalo:

W A L A

KAPASYAHAN BLG. 018
Taong 1997

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG NAGING KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO, KGG. TEODORO "KA DOROY" BOONGALING.

SAPAGKA'T ang pagpanaw ng isang taong pinagpipitaganan at minamahal sa mahabang panahon ng kanyang buhay at malabis na dinaramdam ng kanyang mga naiwan;

SAPAGKA'T si Ka Doroy Boongaling, sa kanyang hangaring maibahagi sa kanyang mga kababayan ang mga naisin at lunggatiin para sa pag-unlad ng bayan ng Roxas ay pumalaot sa larangan ng pulitika kung saan dahil sa kanyang kabutihan ay nahalal bilang konsehal ng bayang ito noong taong 1980 at naglingkod hanggang 1986;

SAPAGKA'T sa panahon ng kanyang panunungkulan, ipinakita niya ang pagmamahal sa tungkulin sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa mga mamamayan, pagdinig at pag-unawa sa mga pangangailangan ng mga ito para sa maunlad at matiwasay na pamumuhay;

SAPAGKA'T sa kanyang mga kasabay sa gawain, sa kanyang komunidad at sa mga taong pinaglingkuran, si Ka Doroy ay naging mabuting kasamahan, kaibigan at ama at ang kanyang mga nagawa ay magsisilbing tagapagpaalaala ng isang tapat na lingkod-bayan;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng bayang ito, ang mga namumuno at mga kawani ay lubos na nagpapaabot ng pakikiramay at pakikidalamhati sa kanyang naiwang pamilya sa pagpanaw ng isang naging lingkod-bayan, Ka Doroy Boongaling.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Angelas D. Bautista na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng naging konsehal ng bayang ito, G. Teodoro Boongaling ang mataos na pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya ni G. Teodoro "Ka Doroy" Boongaling, lakip ang aming taus-pusong pakikiramay.

Pinagtibay ng lahat.

Marso 17, 1997

- -

CERTIFIED CORRECT:

VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:

JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor/
Presiding Officer

APPROVED:

GELACIO I. YASON
Municipal Mayor

mera/
031897